


# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Ang mga Paraan ng Pakikipaglaban ng mga Pilipino para sa Kalayaan Laban sa Hapon



## **Araling Panlipunan – Ikaanim na Baitang**

### **Alternative Delivery Mode**

### **Ikalawang Markahan – Modyul 7: Ang mga Paraan ng Pakikipaglaban ng mga Pilipino para sa Kalayaan Laban sa Hapon**

#### **Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

#### **Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Mitzel M. Alvaran	
<b>Editor:</b>	Alma J. Gascon, Maricel D. Tababa, Rejean L. Tibus Jewelyn Q. Cadigal, Blas P. Tabayag, Jr.	
<b>Tagasuri:</b>	Blas P. Tabayag, Jr., Mary Helen M. Bocol, Junry M. Esparar	
<b>Tagaguhit:</b>	Krisha Marie T. Paltu-ob	
<b>Tagalapat:</b>	Jewelyn Q. Cadigal	
<b>Tagapamahala:</b>	Ramir B. Uytico	Pedro T. Escobarte, Jr.
	Portia M. Mallorca	Nelly E. Garrote
	Elena P. Gonzaga	Donald T. Genine
	Celestino S. Dalumpines IV	Junry M. Esparar
	Mary Helen M. Bocol	Blas P. Tabayag, Jr.
	Jewelyn Q. Cadigal	Emee Ann P. Valdez

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

#### **Department of Education – Region VI**

Office Address: Duran Street, Iloilo City  
Telefax: (033) 336-2816, (033) 509-7653  
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# 6

## **Araling Panlipunan**

### **Ikalawang Markahan – Modyul 7: Ang mga Paraan ng Pakikipaglaban ng mga Pilipino para sa Kalayaan Laban sa Hapon**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ng SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa ikauunlad ng iyong kaalaman. Sa modyul na ito malalaman mo ang mga kabayanihan ng mga Pilipinong nakipaglaban sa panahon ng pananakop ng mga Hapones.

Sa nakaraang modyul napag-aralan mo kung paano tayo sinakop ng mga Hapon, alam mo ba na labis ang hirap na dinanas ng mga Pilipino sa kamay ng mga Hapon? Iba't ibang makahayop na patakaran ang ipinasunod sa kanilang pamamahala na napag-aralan mo na at dahil dito, naging matindi ang pakikipagtulungan ng mga Pilipino sa mga Amerikano upang makipaglaban sa kanila. Buo ang pag-asa ng mga Pilipinong matutulungan sila ng mga Amerikano para sa kanilang minimithing kasarinlan na mababasa mo sa modyul na ito ngunit ganap ang kanilang paghahanda sa mga ito sa pagbabasakali na hindi na babalik ang mga Amerikano, sa pamumuno ni Heneral Douglas MacArthur na nagbilin ng pangakong "I shall return" sa mga Pilipinong tutulungan niyang magapi ang mga Hapon... Handa ka na bang malaman ang mga pamamaraan na ginawa ng mga Pilipino? Basahin at pag-aralan mo nang mabuti ang modyul na ito.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, maaari mo nang magawa ang sumusunod:

1. maiisa-isa ang mga paraan ng pakikipaglaban ng mga Pilipino laban sa mga Hapon upang makamit ang kalayaan;
2. maiisa-isa ang mga pangyayaring naganap sa pakikipaglaban ng mga Pilipino laban sa mga Hapon;
3. matutukoy ang magigiting na Pilipinong nagpakilos at nagbigay-buhay sa mga pakikipaglaban sa Hapon;
4. mapahahalagahan ang naging bunga ng pakikipaglaban ng iba't ibang kilusan ng mga Pilipino laban sa mga Hapon;
5. matatalakay ang mga layunin at pamamaraan ng mga kilusang nabuo noong panahon ng Hapon
6. matataya ang kahalagahan ng kilusang gerilya at ang katapangan ng mga Pilipino; at
7. mapahahalagahan ang pagsisikap ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan at maipakita ang katapatan sa demokrasya.



## **Subukin**

Panuto: Basahin ng mabuti. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Ang heneral ng Amerika na bumalik kasama ang mga hukbong Amerikano na lulupig sa mga Hapon.
  - A. Heneral Hideki Tojo
  - B. Heneral Douglas MacArthur
  - C. Heneral Edward King
  - D. Heneral Jonathan Wainwright
2. Kailan bumagsak ang Corregidor sa kamay ng mga Hapon.
  - A. Mayo 5, 1942
  - B. Mayo 6, 1942
  - C. Mayo 7, 1942
  - D. Mayo 8, 1942
3. Lider ng samahang gerilya sa Panay.
  - A. Tomas Confessor
  - B. Tomas Cabili
  - C. Koronel Ruperto Kangleon
  - D. Wenceslao Q. Vinzons
4. Lider ng samahang gerilya sa Mindanao.
  - A. Tomas Confessor
  - B. Tomas Cabili
  - C. Koronel Ruperto Kangleon
  - D. Wenceslao Q. Vinzons
5. Lider ng samahang gerilya sa Luzon.
  - A. Tomas Confessor
  - B. Tomas Cabili
  - C. Koronel Ruperto Kangleon
  - D. Wenceslao Q. Vinzons
6. Isang kilusang may katulad na simulain ng mga gerilya na binuklod ng mga magsasakang labis na naghirap.
  - A. KKK
  - B. Gerilya
  - C. HUKBALAHAP
  - D. USAFFE

7. Ang pinuno sa kilusang HUKBALAHAP na itinatag laban sa mga Hapones.
- A. Luis Taruc
  - B. Jesus Lava
  - C. Jose Banal
  - D. Lahat ng nabanggit ay tama
8. Ang mga sundalo o sibilyang namundok at patuloy na nakipaglaban sa mga Hapones.
- A. HUKBALAHAP
  - B. Gerilya
  - C. Makapili
  - D. KALIBAPI
9. Ang pulis militar ng Hapones ay tinatawag na \_\_\_\_\_.
- A. Makapili
  - B. Kempei-tai
  - C. Heneral
  - D. Direktor-heneral
10. Anong uri ng pamahalaan ang itinatag ng mga Hapones?
- A. Pamahalaang Parlamentaryo
  - B. Pamahalaang Demokratiko
  - C. Pamahalaang Totalitaryan
  - D. Pamahalaang Komonwelt

**Aralin****1****Paraan ng Pakikipaglaban ng mga Pilipino para sa Kalayaan laban sa Hapon**

Naudlot ang paghahanda ng Pamahalaang Komonwelt tungo sa kasarinlan ng Pilipinas nang sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Europa na umabot hanggang sa kapuluan ng Pasipiko at sa Asya. Labis ang pagkabahala ng mga Amerikano dahil hindi nila akalaing mayroong bansang malakas ang loob na kakalaban sa Amerika gayong ito'y kilalang napakatatag at napakalakas sa buong daigdig.

Mabilis na umakyat sa kapangyarihan ang bansang Hapon sa dakong silangan. Ito'y nagpalawak ng teritoryo sa Asya. Unti-unti nilang nasakop ang mga teritoryo sa Asya. Nauna na rito ang Manchuria noong 1931 at pagkatapos ay ang border ng Tsina noong 1937. Noong 1940, ang buong teritoryo ng Indo-Tsina (Cambodia, Laos at Vietnam) ay sinakop nito pati ang Pilipinas. Iisa lamang ang layunin ng bansang Hapon sa pagsakop nito sa Pilipinas na makontrol ang ekonomiya nito. Sa iyong natutunan sa nakaraang modyul, nalaman mo kung paano tayo sinakop ng mga Hapones, ang mga sistema ng pamahalaang Hapones at patakarang pang-ekonomiya nito. May mga Pilipinong nakipagtulungan ngunit mayroon ding lumaban sa mga Hapones. Mayroon din na tumangging makiisa at naghintay na lamang sa pagbabalik ng mga Amerikano. Sa modyul na ito malalaman mo ang naging bunga nang pagiging malupit ng mga Hapones sa mga Pilipino. Hangarin ng modyul na ito na matapos mo at masagot ang mga katanungan tungkol sa araling ito.

Handa ka na ba? Simulan mo nang basahin at pag-aralan ang modyul na ito.





## **Balikan**

Panuto: Simulan mong balikan ang nakaraang aralin. Pagtapat-tapat in ang mga pangkat ng salita sa Hanay **I** at Hanay **II**. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

### **I**

### **II**

- |       |  |                      |
|-------|--|----------------------|
| _____ | 1. Uri ng pamahalaang binuo noong panahon ng Hapon                 | A. Heneral Homma     |
| _____ | 2. Naatasang bumuo ng pamahalaang sibilyan                         | B. Jorge Vargas      |
| _____ | 3. Namuno sa pamahalaang military                                  | C. Pamahalaang Papet |
| _____ | 4. Nahirang na Punong Mahistrado ng Kataas-taasang Hukuman         | D. Dr. Otley Beyer   |
| _____ | 5. Wikang ginagamit ng mga Hapones                                 | E. Steven Javellana  |
| _____ | 6. Amerikanong anthropologist na pinahihintulatang makapagsaliksik | F. Jose Yulo         |
| _____ | 7. Nakahanap ng gamot para sa sakit na tuberkulosis at brongkitis. | G. Niponggo          |
| _____ | 8. Sumulat ng “Without Seeing the Dawn”                            | H. Dr. Antonio Sison |
| _____ | 9. Lumikha ng “Angono Fiesta”                                      | I. Liwayway          |
| _____ | 10. Babasahing pinayagang ipalimbag ng mga Hapones.                | J. Dr. Robert Fox    |
|       |  | K. Carlos Francisco  |



## ***Tuklasin***

Sa iyong palagay, paano kaya namuhay ang mga Pilipino nang sinakop tayo ng mga Hapones?

Ano-ano kaya ang mga ginawang paraan ng pagtutol ng mga Pilipino laban sa mga Hapones sa dinanas nilang kalupitan?



## ***Suriin***

### **Mga Paraan ng Pakikipaglaban ng mga Pilipino**

#### **Pamamaraang Gerilya**

Nang bumagsak ang Bataan at Corregidor sa kamay ng mga Hapones noong Abril 9, 1942 at Mayo 6, 1942 ayon sa pagkabanggit, ay hindi pa rin natapos ang labanan ng mga Pilipino at Hapones. Ang mga sundalong Pilipino, sa halip na sumuko, ay namundok at ipinagpatuloy ang pakikipagpaglaban nang palihim. Nagpangkat-pangkat sila na kung tawagin ay gerilya at mula sa mga bulubundukin at mga ilang na lugar, nagsagawa ng mga pabigla-biglang pagsalakay. Ang kanilang layunin: lusubin ang mga garison, patayin ang mga sundalo at opisyal ng mga Hapon, palayain ang mga nakakulong, at salakayin ang mga istasyong militar upang sirain ang mga kagamitan at manguha ng mga bala at armas na gagamitin sa paglaban sa mga Hapon. Ang kalupitan ng mga Hapones sa mga Pilipino ang nagbunsod sa kanila upang itatag ang kilusang gerilya. Kinakatakutan nila ang mga Kempei-tai, ang pulisyang militar ng mga Hapones.

Sa kalaunan ay lumaki ang bilang ng mga gerilya at ito ay dahil sa pag-iibayo ng kalupitan ng mga Hapon. Nagsama-sama ang mga maliliit na pangkat mula sa iba't ibang panig ng bansa. Naragdagan ang dami ng mga

puwersang gerilya nang sumapi ang mga sibilyan sa mga lungsod at bayan-bayan kasama na ang ibang opisyal ng mga pamahalaang bayan na nagkukunwaring tumutulong sa mga Hapon. Namundok din ang mga sibilyan at karaniwang mamamayang hindi na makatiis sa pagpapahirap ng mga Hapon. Naglagi ang mga gerilya sa mga kabundukan, kagubatan at malalayong pook. Ginawa nila ito upang hindi sila matunton ng mga Hapones. Kasama rin ang maraming kababaihang naging biktima ng karahasan ng mga dayuhan. Maraming pangkat ng mga gerilya ang nabuo sa iba't ibang dako ng Pilipinas. Ang ilan sa mga lider ng mga gerilya ay militar, samantalang ang iba naman ay sibilyan. Si Tomas Confesor ang sibilyang lider ng Panay, samantalang si Koronel Macario Peralta naman ang lider militar. Sa Leyte ay si Koronel Ruperto Kangleon. Sa Mindanao ay sina Tomas Cabili at Salipada Pendatun. Sa Luzon, napabantog sina Wenceslao Q. Vinzons at Marcos V. Agustin (Marking). Bukod dito, may mga Amerikano ring naging kasapi at kasamang namundok at lumaban. Sapagkat lumalaki ang kilusan at nagiging mapanganib para sa mga Hapon ang mga gerilya, naging lalong malupit at mahigpit ang mga Hapon. Maraming dinakip kahit walang sala. Kumuha ng maraming sibilyan na ginawang kasapi ng MAKAPILI (Makabayang Katipunan ng mga Pilipino) na siyang tumuturo sa mga pinaghinalaang kasama ng kilusang gerilya na dinadakip at ikinukulong sa Puwersa Santiago sa Maynila at sa iba't ibang garisong itinayo. Subalit lalo lamang dumami ang nagsisapi sa kilusan. Habang tinatakot ang bayan, lalo namang tumitindi ang kanilang galit.

Naging isang mahalagang puwersa ang kilusang gerilya sa pagdudulot ng malaking sakit ng ulo sa mga Hapon at sa hindi pagiging matatag ng Republikang kanilang itinayo, Ang Japanese-sponsored Philippine Republic o Republikang Papet sa pamumuno ni Jose P. Laurel bilang pangulo. Organisado ang kilusan. May mga kumander at mga ranggo ang mga kasapi. May ugnayan sa isa't isa at may mga sikretong sinyales na hindi maiintindihan ng mga Hapong kalaban. Habang walang puwersang dumarating mula sa Amerika, naipakita ng mga Pilipino na kaya nilang ituloy ang laban, isang katangiang kanila nang napatunayan sa mga nakaraang pakikihamok sa mga naunang mananakop.



Larawan ni Luis Taruc, isang lider na nagtatag ng kilusang Hukbong Bayan Laban sa Hapon o HUKBALAHAP

### **Pagtatag ng HUKBALAHAP**

Ang mga magsasakang labis na naghirap sa panahong ito ay nagbuklod upang bumuo ng isang kilusang may katulad na simulain sa mga gerilya. Higit sa lahat, ang mga magsasaka ang lubhang nakadama ng pagmamalupit ng mga Hapon. Ang kanilang mga sakahan ay pinag-interesan ng mga opisyal na Hapon. Ang mga bigas na kanilang inaani ay kinukumpiska. Maging ang mga hayop at iba pang tanim na kanilang pinaghirapan ay nagsilbing pagkain at lakas ng mga Hapones habang ang kanilang mga pamilya ay namatay sa gutom. Sila rin ang kadalasang pinaghihinalaang kasapi ng kilusang gerilya. Ang mga kababaihan sa mga lalawigan at mga bukirin ay naging biktima ng maraming kalupitan sa kamay ng mga sundalong Hapon.


Sa pamumuno nina Luis Taruc, Jesus Lava, at Jose Banal, naitatag ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon o ang HUKBALAHAP. Nang lumaon, tinawag silang HUK. Ang kilusang ito ay binubuo ng mga magsasakang handang mangalaga sa kanilang mga sakahang kinakamkam ng mga Hapon. Naging tagapangalaga rin sila ng katahimikan ng kanilang mga bayan. Naging marahas ang ginawang pagsugpo ng mga HUK sa mga Hapones. Daan-daang Hapones ang kanilang pinatay. Sinasabing mas higit silang marahas kaysa mga gerilya kaya't mas higit silang kinatakutan ng mga Hapon.

## Ang Pagkilos ng Mga Sibilyan

Katulad ng panahon ng paglaban sa mga Español at Amerikano, ang mga sibilyan ay nagbigay ng suporta sa mga kilusang nabanggit. Itinatago ang mga sugatan, ginagamot at pinakakain ng palihim. Ginamit ng mga kababaihan ang kanilang kagandahan sa panlilinlang sa mga Hapon, at ang mga kabataa'y naging tagapagdala ng mga armas at mensahe upang maipagpatuloy ang lihim na operasyon ng mga kilusan.

## Ang Liberasyon ng mga Pilipino Mula sa Hapon sa Pagbabalik ng mga Amerikano

Ang mga Pilipino ay hindi lamang naghintay sa pagbabalik ng mga Amerikano upang sila ay mailigtas sa kuko ng mga Hapon. Hindi nila hinayaang mayurakan ang kanilang dangal nang walang kalaban-laban. Sa maliit na paraan, at kahit kulang sa sandata at kagamitan, isinulong nila ang kanilang karapatan. Nang bumalik si Hen. Douglas MacArthur sa Pilipinas kasama ang mga hukbong Amerikanong lulupig sa mga Hapon noong 9 Enero 1944, ang mga Pilipino'y hindi lamang nanood. Nagbigay ng dobleng lakas at tapang ang pagdating ng mga tropang Amerikano upang ang mga Pilipino ay makilahok sa kanilang liberasyon sa kamay ng mga Hapon. Habang sumusugod ang mga Amerikano sa mga pampang at himpapawid, mula sa loob ng bansa ay itinataboy naman ng mga gerilya at ng mga HUK ang mga Hapon sa labas ng mga lalawigan at bayan-bayan.



## Pagyamanin

Panuto: Subukan mo kung masasagot mo ang sumusunod na tanong na may kaugnayan sa araling ito. Sagutan ng **OO** o **HINDI**.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang mga gerilya ba ay mga dating sundalo na lumaban sa mga Hapones?
- \_\_\_\_\_ 2. Ang mga sundalong Pilipino ba ang nakapagpasuko sa mga Hapones?

- \_\_\_\_\_ 3. Higit na naging malupit ba sa mga Hapones ang mga HUK kaysa sa mga gerilya?
- \_\_\_\_\_ 4. Nagpatuloy ba sa paglaban ang mga Pilipino kahit nasakop na ng mga Hapones ang Pilipinas?
- \_\_\_\_\_ 5. Ang mga HUK ba ay dating mga sundalo ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas?
- \_\_\_\_\_ 6. Bumagsak ba ang Bataan at Corregidor sa kamay ng mga Hapones.?
- \_\_\_\_\_ 7. Layunin ba ng kilusang gerilya na lusubin ang mga garison, patayin ang mga sundalo at opisyal na Hapon at palayain ang mga nakakulong?
- \_\_\_\_\_ 8. Totoo ba na ang mga sibilyan ay nagtatago ng mga sugatan, nanggagamot at nagpapakakain ng palihim?
- \_\_\_\_\_ 9. Tinupad ba ni Heneral Douglas MacArthur ang pangakong pagbabalik sa Pilipinas?
- \_\_\_\_\_ 10. Ang mga Pilipino ba ay hindi lamang naghintay sa pagbabalik ng mga Amerikano upang sila ay mailigtas sa kuko ng mga Hapon?



### ***Isaisip***

Marami ang napoot sa kalabisang ginawa ng mga Hapones sa loob ng maikling panahon nila sa Pilipinas. Maraming pinsala ang nagawa nila sa ating bansa at higit sa lahat ay pinahirapan ang mga mamamayan. Dahilan sa kanilang kalupitan na hindi matiis ng mga Pilipino, naitatag ang kilusang gerilya at ang HUKBALAHAP upang labanan ang mga pagmamalupit ng mga Hapones. Ang kilusang gerilya ay itinatag ng mga sundalong Pilipino na sa halip ay sumuko, ay namundok at ipinagpatuloy ang pakikipagpaglaban nang palihim. Nagpangkat-pangkat sila na kung tawagin ay gerilya at mula sa mga bulubundukin at mga ilang na lugar, nagsagawa ng mga pabigla-biglang pagsalakay. Ang kanilang layunin: lusubin ang mga garison, patayin ang mga sundalo at opisyal na Hapon, palayain ang mga nakakulong, at salakayin ang mga istasyong militar upang sirain ang mga kagamitan at manguha ng mga bala at armas na gagamitin sa paglaban sa mga hapon.

Ang HUKBALAHAP naman ay ang isa sa pinakamalaking kilusan na itinatag ni Luis Taruc. Ito ay binubuo ng mga magsasaka mula sa Gitna at Katimugang Luzon. May mga sibilyan ding tumulong at sumuporta sa mga HUK, sila ay ang nagtatago, nanggagamot at nagpapakain sa mga sugatan. Kalunos-lunos man ang nangyari sa mga Pilipino sa mga pangakong hindi tinupad ng mga Hapones, patuloy pa rin silang nakipaglaban hanggang sa pagdating ng mga Amerikano.



## **Isagawa**

Ano-ano ang mga katangiang ipinakita ng mga Pilipino upang mapalayang muli ang bansa?

A. Panuto: Bilugan ang bilang sa ebidensiyang iyong nakita mula sa aralin. **5** ang pinakamataas na iskor at **1** ang pinakamababa. Sagutin at kopyahin sa sagutang papel ito.

<b>Katangian</b>	<b>Kitang-kita</b>			<b>Di-makita</b>	
1. Pagmamahal sa bansa	5	4	3	2	1
2. Pagmamahal sa lupa	5	4	3	2	1
3. Pagkamatiisin	5	4	3	2	1
4. Pakikiisa	5	4	3	2	1
5. Pagkamaparaan	5	4	3	2	1
6. Kasipagan	5	4	3	2	1
7. Katapangan	5	4	3	2	1
8. Pagkamadasalin	5	4	3	2	1
9. Pagiging matapat	5	4	3	2	1
10. Pakikipagkapwa-tao	5	4	3	2	1

B. Sumulat ng maikling talambuhay ng sinumang naging gerilya sa iyong pook. Magtanong sa inyong mga magulang o sa sinumang nakasaksi sa

panahon ng Hapon na kilala ng inyong mga magulang. Isulat sa sagutang papel.

---

---



## **Tayahin**

Panuto: Ilarawan ang mga pamamaraan ng mga Pilipino noong panahon ng pananakop ng mga Hapon. Isalaysay ito nang tama. Bawat numero na may tamang sagot ay mabibigyan ng 5 puntos. Isulat mo ang sagot sa iyong sagutang papel

1. Pamaraang Gerilya

---

---

2. Pagtatag ng kilusang HUKBALAHAP

---

---

3. Ang Pagkilos ng mga Sibilyan

---

---

4. Liberalisasyon ng mga Pilipino pagdating ng mga Amerikano

---

---





## ***Karagdagang Gawain***

A. Panuto: Ibigay ang mga patunay o ebidensya na hindi lamang naghintay ang mga Pilipino na iligtas sila ng mga Amerikano bagkus ay kumilos din upang ipagtanggol ang Pilipinas sa mga Hapon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_
6. \_\_\_\_\_
7. \_\_\_\_\_
8. \_\_\_\_\_

B. Panuto: Pumili mula sa listahan sa kahon ng dalawang naging reaksiyon ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Hapon. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

9. \_\_\_\_\_
10. \_\_\_\_\_

**Mga pagpipilian:**

- Nagtago at hindi kumilos.
- Nagtiis at hinintay ang pagbabalik ni Hen. MacArthur.
- Idinaan sa pagdarasal.
- Lumaban ng harapan at patago, gamit ang iba't ibang paraan.
- Nagbuo ng mga pangkat o grupo upang labanan ang mga Hapon, gaya ng kilusang gerilya at HUKBALAHAP.



## Susi sa Pagwawasto

1. Ang mga sundalong Pilipino, sa halip na sumuko, ay namundok at ipinagpatuloy ang pakikipagpaglaban nang palihim. Nagpangkat-pangkat sila na kung tawagin ay gerilya at mula sa mga bulubundukin at mga ilang na lugar, nagsagawa ng mga pabigla-biglang pagsalakay. Ang kanilang layunin: Insubin ang mga garison, patayin ang mga sundalo at opisyal na Hapon, palayain ang mga nakakulong, at salakayin ang mga istasyong militar upang sirain ang mga kagamitan at manggaha ng mga bala at armas na gagamitin sa paglaban sa mga hapon.
2. Ang kilusang ito ay binubuo ng mga magsasakang handang mangalaga sa kanilang mga sakahang kinakamkam ng mga Hapon. Naging tagapangalaga rin sila ng katatibuhikan ng kanilang mga bayan. Naging marahas ang ginawang pagsugpo ng mga HUK sa mga Hapones. Daan-daang Hapones ang kanilang pinatay. Sinasabing mas higit silang marahas kay sa mga gerilya kaya't mas higit silang kinatatukutan ng mga Hapon.
3. Ang mga sibilyan ay nagbigay ng suporta sa mga kilusan. Itinatago ang mga sugatan, ginagamot at pinakakain ng palihim. Ginamit ng mga kabababahan ang kanilang kagandahan sa panhihinlang ng mga Hapon, at ang mga kabataay naging tagapapadala ng mga armas at mensaheng upang maipagpatuloy ang lihim na operasyon ng mga kilusan.
4. Ang mga Pilipino ay hindi naghintay lamang sa pagbabalik ng mga Amerikano upang sila ay iligtas sa kuko ng mga Hapon. Hindi nila hinayaan mayurakan ang kanilang dangal nang walang kalaban-laban. Sa malit na paraan, at kahit kulang sa sandata at kagamitan, isinulong nila ang kanilang karapatan. Nagbigay ng dobleng lakas at tapang ang pagdating ng mga tropang Amerikano upang ang mga Pilipino ay makilahok sa kanilang liberasyon sa kamay ng mga Hapon. Habang sumusugod ang mga Amerikano sa mga pampanang at himpapawid, mula sa loob ng bansa ay itinatuboy naman ng mga gerilya at ng mga HUK ang mga Hapon sa labas ng mga lalawigan at bayan-bayan.

Subukin		Balikan		Pagyamanin	
1. B	6. C	1. C	6. D	1. 00	6. 00
2. B	7. D	2. B	7. H	2. HINDI	7. 00
3. A	8. B	3. A	8. E	3. 00	8. 00
4. B	9. B	4. F	9. K	4. 00	9. 00
5. D	10. C	5. G	10. I	5. HINDI	10. 00

Tayahin

**Isagawa:**

Nasa guro pagsusuri sa mga kasagutan, at siyang magpasya kung tama o mali

**Karagdagang Gawain**

A. 1-8 (*Pagpipiliang Sagot*)

- Ang mga sundalong Pilipino, sa halip na sumuko, ay namundok at ipinagpatuloy ang pakikipagpaglaban nang palihim.
- Nagpangkat-pangkat sila na kung tawagin ay gerilya at mula sa mga bulubundukin at mga ilang na lugar, nagsagawa ng mga pabigla-biglang pagsalakay.
- Layunin ng mga gerilya na lusbun ang mga garison, patayin ang mga sundalo at opisyal na Hapon, palayain ang mga nakakulong, at salakayin ang mga istasyon ng militar upang sirain ang mga kagamitan at manguha ng mga bala at armas na gagamitin sa paglaban sa mga hapon.
- Ang mga HUK ay naging tagapangalaga ng katahimikan ng kanilang mga bayan.
- Naging marahas ang ginawang pagsugpo ng mga HUK sa mga Hapones.
- Ang mga sibilyan ay nagbigay ng suporta sa mga kilusan.
- Ang mga sibilyan ay nagtatago ng mga sugatan, nanggagamot at nagpapapakakin ng palihim sa mga sugatang miyembro ng kilusan.
- Ang mga kabataang nagtatagapagdadala ng mga armas at mensaheng upang maipagpatuloy ang lihim na operasyon ng mga kilusan.
- Ang mga Pilipino ay makilahok sa kanilang liberasyon sa kamay ng mga Hapon.
- Habang sumusugod ang mga Amerikano sa mga pampanang at himpapawid, mula sa loob ng bansa ay itinatagoy naman ng mga gerilya at ng mga HUK ang mga Hapon sa labas ng mga lalawigan at bayan-bayan.

B. 9-10 (*Pagpipiliang Sagot*)

- Lumaban ng harapan at patago, gamit ang iba't ibang paraan.
- Nagbuo ng mga pangkat o grupo upang labanan ang mga Hapon, gaya ng kilusang gerilya at HUKBALAHAP.

## Sanggunian

Alvenia P. Palu-ay. *Makabayan Kasaysayang Pilipino 5*, Manila, LG & M Corporation: 2010, 180-195.

Ethel Halal-Estrella, Ruben M. Milambiling, Natividad Reynaldo. *Pilipinas 5 Perlas ng Silanganan*, Manila, Innovative Educational Materials, Inc.: 2002, 217-235.

Estrelita B. Capiña and Gloria P. Barrientos. *Pilipinas 5: Bansang Heograpiya, Kasaysayan at Sibika*, Binagong Edisyon, Quezon City, SD Publications Inc.: 2000, 164-184.

Juan Alvin B. Tiamson. *Pilipinas 6, Serye ng Heograpiya, Kasaysayan at Sibika*, St. Augustine Publications, Inc.: 2009, 178-193.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)